


MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 7:
Paghubog sa Kahusayan sa
Pagsagot sa mga Tanong Hango
sa mga Kuwentong Maririnig at
Mababasa



MTB – Unang Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 7: Paghubog sa kahusayan sa pagsagot sa mga tanong hango sa mga kuwentong maririnig at mababasa

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Precentacion S. Juan
Editor:	Mercy Acupido-Pablo, Leodegaria Laud-Reyno, Anthony M. Navor, Ana A. Rubang
Tagasuri:	Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez
Tagalapat:	Paolo Jericoh T. Baquiran
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Marietess B. Baquiran Maria Christina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan – Modyul 7:
Paghubog sa Kahusayan sa
Pagsagot sa mga Tanong Hango
sa mga Kuwentong Maririnig at
Mababasa

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.

Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagkatapos ng mga gawain sa modyul na ito, Ikaw ay inaasahang:

- Mahuhubog ang kahusayan sa pagsagot sa mga tanong hango sa kuwentong narinig at nabasa.
- Maibibigay ang kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng tunay na bagay, larawan at aksyon.
- Makapagsasabi tungkol sa sarili at sariling karanasan.
- Makikinig at makikilahok sa talakayan pagkatapos marinig ang kuwento.




Subukin

Gawain 1


Sagutin ang tanong:

1. Ano ang iyong paboritong laruan? Iguhit ito sa iyong kuwaderno.




2. Ano ang mga huni ng mga sumusunod na hayop? Tularan ang mga ito.

1.



2.



3.




4.



5.





Balikan

Pagmasdan ang mga larawan/salita. Iugnay ang mga ito sa angkop na kahulugan nito. Isulat ang titik nang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1.Eskaparate



a.Naiiba

2.Nagbabasa



b. aparador

3.Bukod-tangi

c. matututo

4.madadala

d. Nag-aaral



Tuklasin


Mahilig ka bang magbasa ng mga kuwentong pambata?

Pagmasdan at kilalanin ang mga bahagi ng “Story Book”



Pabalat

Makikita sa pabalat ang pamagat ng kuwento, ang sumulat, at gumuhit nito.




Pahina ng Pamagat

Makikita pa rin dito ang pamagat ng kuwento, ang sumulat at gumuhit.



Katawan ng “Story Book”-

Dito mababasa ang nilalaman ng kuwento. Ang pinakamahalagang bahagi ng isang “Story Book.”



Pabalat- likod - Dito madalas makikita ang mga magagandang aral na maaaring mapulot sa kuwento.

Humanda sa pagbabasa ng kuwento.

Bago ka pumasok sa paaralan, ano ang madalas sabihin o ibilin ng iyong nanay o tatay?

Ano ang laging sinasabi o ipinangangaral ni Muning kay Mingming?

Makinig kay nanay o tatay habang binabasa ang kuwentong Malikot si Mingming.

Pakinggan ang kuwento:

Malikot si Mingming



Isang malikot na kuting si Mingming. Sa apat na anak ni Muning, siya ang pinakamalikot. Lahat ng bagay, nilikot ni Mingming. Walang nakaliligtas sa likot niya.



“Mingming, huwag kang masyadong malikot,” madalas sabihin ni Muning sa anak. “Baka magalit sa atin sina Mang Berto at Aling Ana”.



Si Alex, anak nina Mang Berto at Aling Ana, ay mahilig sa mga mamahaling laruan na may iba’t ibang

tunog. Itinatabi ni Alex nang maayos ang kanyang mga laruan sa isang eskaparate kapag siya ay nasa paaralan.




Isang araw, pumasok sa paaralan si Alex. Naisipang tingnan ni Mingming ang mga laruan. "Naku, ang gaganda, ang sarap laruin!" ang sabi ni Mingming. "Pero ang taas ng eskaparate." "A, alam ko na, lulundag ako sa itaas," ang sabi niya. At siya ay lumundag nang mataas sa ibabaw ng eskaparate.



Ang una niyang hinawakan ay ang eroplano.



Sinurian niya ito at biglang tumunog ng "e-eeng- eeeeeng".



Hinila niya ang pisi ng laruang kampana at narinig niya ang "kleng- kleng."

Bumaba siya sa ikalawang bahagi ng eskaparate. Nakita niya ang telepono. Ginalaw niya ang pihitan at tumunog ng "kriiiiing-ng-ng".





Pinindot naman niya ang busina ng jeep, “bip-bip- bip”ang tunog. “Tsug-tsug-tsug” naman ang tunog ng tren.



Tuwang-tuwang bumaba si Mingming. Lundag nang lundag siya. Sa kaiikot niya ay nabunggo niya ang eskaparate at nahulog ang mga laruan, sa sahig.



Nagalit na si Mang Berto.”Talagang maligalig na kuting iyan!” Nagalit na rin si Aling Ana. “Nakakainis na ang kuting na’yan!” aniya. “Bukod-tangi ang likot niya!”



Pati si Alex na rin, “Itapon na kaya natin o ipamigay kaya?” ang sabi niya.



“Huwag, kawawa naman, mahihiwalay sa ina,” ang sabi ni Mang Berto. “Hayaan mo, ako ang bahala.”



Isang umaga, nasa hardin si Mingming. Nakita niya ang isang latang bibitin-bitin sa sanga ng puno na may nakalawit na taling halos sayad sa lupa.



Umandar na naman ang likot ni Mingming. Naisip niyang bumitin sa tali. Isasabit niya roon ang kanyang kuko at magpaugoy-ugoy.” Siguro mas malakas ang tunog nito kaysa roon sa maliit na kampana ni Alex,” naisip niya.



Ang hindi niya alam, patibong ni Mang Berto ang laruang tali. Puno iyon ng tubig. Pag nahatak ang pisi, bubukas ang ilalim at bubuhos ang tubig. Tiyak na mababasa ang hihila ng tali. Lumapit na siya sa tali. At sa isang talon ay naisabit niya roon ang kuko at nakita ang tali.



Napasigaw si Mingming nang bumuhos sa kanya ang tubig mula sa lata. Basang-basa siya.

Nanginginig siya sa ginaw na tumakbo sa kinaroroonan ni Muning at ng kanyang mga kapatid. “Hindi sana ako nabasa kung sinunod ko si Ina,” ang sabi ni Mingming sa sarili.




Suriin

Sagutin ang mga tanong na hinango sa kuwentong binasa.
Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? _____
2. Saan ito nangyari? _____
3. Kailan nangyari ang kuwento? _____
4. Ano ang laging sinasabi o ipinangangaral ni Muning kay Mingming? _____
5. Sino ang mga tauhan sa kuwento ? _____
6. Sino sa mga tauhan ang naiinis kay Mingming? _____
7. Ano ang mga laruan ni Alex? _____
8. Gayahin ang tunog o ugong ng mga laruan ni Alex? _____
9. Anong uri ng kuting si Mingming? _____
10. Sa palagay mo ba ay may mga bata ring tulad ni Mingming? Dapat ba siyang tularan? Bakit?

11. Kung ikaw si Mingming, ano ang iyong gagawin ?
Bakit? _____



Pagyamanin

Gawain 1

Piliin ang mga laruan ni Alex na nasa eskaparate.
Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

A.



B.



C.



D.



E.



Gawain 2

Alin sa mga nasa kahon ang ugali ni Mingming na di dapat tularan? Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

mabait

malikot

matulungin

Matigas ang ulo

masunurin

Gawain 3

Alin sa mga nasa kahon ang nararapat na pag-uugali ng isang batang tulad mo? Isulat sa iyong kuwaderno ang tamang sagot at kulayan ng berde ang kahon nito.

Tamad

Mabait

Sinungaling

Masunurin

Bastos



Isaisip

Tandaan na ang angkop na sagot sa iba't ibang tanong ay ang mga sumusunod:

Ano – para sa bagay

Sino – para sa tao

Saan – para sa lugar

Bakit – para sa dahilan


Paano – para sa pamamaraan

Ugaliin ang pagsunod sa mga habilin ng magulang. Ito ay mahalaga upang maiwasan ang kapamahakan.



Isagawa

Narito ang mga laruan ni Alex. Alin ang naibigan mo?
Iguhit sa iyong kuwaderno.





Tayahin

A. Panuto: Basahin ang bawat tanong sa ibaba. Isulat ang letra nang tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?

- A. Mabait si Mingming
- B. Maingay si Mingming
- C. Malikot si Mingming
- D. Masunurin si Mingming

2. Sino ang may-ari ng laruan? Si _____.

- A. Alex
- B. Berto
- C. Cardo
- D. Chito

3. Saan nakalagay ang mga laruan ni Alex?
Sa _____.

- A. basket
- B. eskaparate
- C. kahon
- D. mesa

4. Bakit nagalit si Mang Berto kay Mingming?

- A. Ikinalat ang mga laruan ni Alex.
- B. Sinira ang mga laruan ni Alex.
- C. Dinumihan ni Mingming ang mga laruan.
- D. Kinuha ni Mingming ang mga laruan.

5. Paano natuto si Mingming sa patibong ni Mang Berto?

A. Nadala siya sa patibong ginawa ni Mang Berto.

B. Natutuwa siya sa kanyang ginawa.

C. Nagalit siya kay Mang Berto

D. Nainis siya kay Mang Berto

B. **Panuto** lugnay ang ngalan ng bahagi ng aklat sa Hanay A sa larawan sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

Hanay A

_____1. Pabalat

_____2. Pahina ng Pamagat

_____3. Katawan ng “Story Book”

_____4. Pabalat – Likod

Hanay B


A.



B.



C.





Karagdagang Gawain

Iguhit ang paborito mong laruang na nasa eskaparate ni Alex sa iyong kuwaderno.





Susi sa Pagwawasto

Baliklan	1.moo-moo-moo
	2.Putak-putak-putak
	3.oink-oink-oink
	4.meow-meow-meow
	5.aw-aw-aw
Tuklasin	1. oparador
	2. bitag
	3. naliba
	4. matuto
Unawain	1.Huwag malikot
	2.Mang Berto, Aling Ana, Alex
	3.eroplano,kampana,telepono,dyip,tren
	4. Eropiano-e-eeng-eeng
	kampana- klang-clang-clang
	Telepono-king-king-king
	Dyip- bip-bip-bip
	Tren- tsug-tsug-tsug
	5.Isang malikot na kuting si Mingming.
	6.Oo mga batang kagaya ni Mingming.
	Hindi siya dapat tularan dahil hindi magandang ugali
	ang pagiging malikot.
	7. Kung ako si Mingming hindi ako magiging malikot.

Pagayamanin	
Gawain 1: Eropiano, kampana, telepono	
Gawain 2: matigas ang ulo at malikot	
Gawain 3: mabait at masunurin	
Tayahin	
A.1.c	
2.a	
3.a	
4.a	
5.a	
B.1.c	
2.D	
3.B	
4.A	

Mga Sanggunian

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's
Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's
Guide

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning
Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City:
Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph